Public Health England

NHS




# Ang iyong gabay sa pagpapapabakuna laban sa COVID-19



**COVID-19 immunisation**

Protect yourself.

Tagalog_PHE_11843_Covid-19_Easy read A4 8pp_11-tgl.indd 1 26/03/2021 16:49:15

## Ano ang Covid-19 o Coronavirus?

**Ang Covid-19 ay isang bagong sakit. Tinatawag ito minsan na coronavirus.**




Karamihan sa mga tao ay gagaling mula sa sakit na Coronavirus sa kanilang bahay ngunit ang ibang mga tao ay maaaring lumala ang nararamdaman at kailangang pumunta sa ospital





Nakakalungkot na minsan puwedeng mamatay ang mga tao mula sa Coronavirus

## Ang ilang sintomas ng Coronavirus ay:

Isang bagong ubo at patuloy kang umuubo



Mataas na temperatura




Nawala o nagbago ang iyong pang-amoy o panlasa




Kung mayroon kang mga sintomas na katulad ng nasa itaas, manatili sa bahay at planuhing magpa-test




Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon para sa mga sintomas, bisitahin ang www.nhs.uk/conditions/coronavirus-covid-19/symptoms

Kung hindi mo magagamit ang website ng NHS, tumawag sa 119 at ito ay libre




## Tungkol sa bakuna




Iniiniksyon ang bakuna laban sa Coronavirus




Kakailanganin mo ng 2 iniksyon ng bakuna, na 3 hanggang 12 linggo ang agwat



Tinest ang bakuna para matiyak na ligtas ito

## Sino ang dapat magpabakuna laban sa Coronavirus?

Ang ilang tao ay mas malamang na sumama ang kondisyon mula sa Coronavirus kaysa sa ibang tao



Kung isa ka sa mga taong ito, aalukin ka ng bakuna



## Ang ilang tao na mas malamang na sumama ang kondisyon:

Mga taong nakatira sa isang bahay-kalinga para sa matatanda



Mga taong 65 taong gulang pataas




Mga nasa hustong gulang na may Down's syndrome




I-aalok din ang bakuna sa mga nasa hustong gulang na may mga kondisyong ito sa kalusugan:

Mga problema sa iyong kidney o atay




Mga sakit sa puso



Ilang mga sakit sa utak




Malubhang problema sa paghinga tulad ng hika (paggamit madalas ng steroid inhaler)



Nakadepende ang iyong pagbabakuna sa anong kondisyon ang mayroon ka, at kung gaano ito kalubha

Hindi sinasakop ng listahang ito ang lahat ng tao

Kung mas malamang na sumama ang kondisyon mo, dapat sinabi ito sa iyo ng iyong doktor





Tagalog_PHE_11843_Covid-19_Easy read A4 8pp_11-tgl.indd 3 26/03/2021 16:49:29

Kung may kondisyon ka na magiging dahilan para maging mas malala ang pakiramdam mo mula sa coronavirus, ang tawag dito ay 'Labis na Mahina ang Katawan (Clinically Extremely Vulnerable)'

Ang ibig sabihin nito ay makukuha mo ang iniksyon para sa coronavirus nang mas maaga kaysa sa ibang tao



Mababakunahan din ang mga kawani sa pangangalagang pangkalusugan at panlipunan



Ang pangunahing tagapag-alaga mo ay maaaring mabakunahan



Kung ikaw ay bayad na manggagawa na nag-aalaga ng isang mahinang tao, maaari ka ring mabakunahan



## Pag-alam kung dapat kang magpabakuna

Dapat masabi sa iyo ng iyong GP kung dapat kang magpabakuna laban sa Coronavirus

Ang ilang tao ay maaaring makatanggap ng sulat, o tawag sa telepono upang anyayahan sila para sa kanilang pagpapabakuna.







## Paano magpa-appointment

Ipapaliwanag ng iyong sulat na paanyaya kung sino ang tatawagan para sa iyong appointment.

Gumamit ng telepono upang magpa-appointment



Sasabihan ka kung saan ka pupunta para sa pagpapabakuna mo at kailan



Maaaring hilingin sa ilang tao na pumunta sa isang sentro ng pagbabakuna upang magpabakuna



Kung hindi ka sigurado, kausapin ang iyong GP (doktor ng pamilya)





Tagalog_PHE_11843_Covid-19_Easy read A4 8pp_11-tgl.indd 4 26/03/2021 16:49:42

## Ano ang susunod kong gagawin?


Kapag nakuha mo na ang unang iniksyon, sasabihin sa iyo kung saan at kailan ka pupunta para sa pangalawang iniksyon




Dapat may record card ka kung saan nakasulat ang iyong susunod na appointment pagkalipas ng 3 linggo hanggang 12 linggo




Bagaman bibigyan ka ng mahusay na proteksyon ng unang dosis, kailangan mo ang pangalawang dosis para makakuha ng mas pangmatagalang proteksyon



**Ganito ang magiging hitsura ng card.** Itago mo ang iyong card at siguraduhing makapunta ka sa pangalawang apppointment mo para makuha ang pangalawang iniksyon




Don't forget your
COVID-19 vaccination

NHS

Make sure you keep this record card in your purse or wallet

For more information on the COVID-19 vaccination or what to do after your vaccination, see www.nhs.uk/covidvaccine

COVID-19 immunisation
Protect yourself.



Name

1 Name of vaccine:
Batch no: Date vaccine given:

Don't forget to attend your appointment to have your second dose of vaccine. You will have the best protection after two doses.
**Second appointment date:**

2 Name of vaccine:
Batch no: Date vaccine given:

Public Health England gateway number: 2020311. Product code: COV2020311

## Sundan ang kasalukuyang patnubay www.gov.uk/coronavirus

## Gaano katagal bago umepekto ang bakuna?

Maaaring abutin nang ilang linggo bago ka maprotektahan ng bakuna







## Umeepekto ba ang bakuna para sa lahat?

Hindi ganap na mapipigilan ng bakuna na makakuha ng Coronavirus ang lahat ng tao, pero kung nagkaroon ka pa rin ng Coronavirus, hindi dapat gaanong lalala ang sakit mo kung nagpabakuna ka





Tagalog_PHE_11843_Covid-19_Easy read A4 8pp_11-tgl.indd 5 26/03/2021 16:49:56

## Mga Allergy

Kung mayroon kang mga malubhang allergy, dapat mong ipasuri sa iyong doktor kung ligtas para sa iyo na magpabakuna.



Maaaring may malalang allergy ka kung nagdadala ka ng epipen




## Buntis ka ba o sa tingin mo maaaring buntis ka?



Ang ilang babaeng buntis o nagpapasuso ng anak ay puwedeng magpabakuna




Ang ilan ay maaaring maghintay hanggang sa nakapanganak na sila



Kausapin mo ang iyong GP o midwife tungkol dito.

**Ang bakuna ay ligtas kung mayroon kang mga problema sa iyong immune system (ito ay kapag nahihirapan ang iyong katawan na labanan ang impeksyon)**

## Mga side effect ng bakuna

Kabilang sa mga napakakaraniwang side effect ang:



Mabigat ang pakiramdam ng braso mo o masakit kung saan ka ininiksyunan



Masakit ang katawan o parang may trangkaso ka



Pagod ang pakiramdam



Masakit ang ulo

## Kung pakiramdam mo ay nilalagnat ka (parang napakainit o napakalamig mo) dapat kang:

Magpahinga



Uminom ng paracetamol



Dapat ay mas mabuti na ang pakiramdam mo nang wala pang isang linggo




## Hindi ka makakakuha ng Coronavirus mula sa bakuna pero posibleng nahawa ka ng Coronavirus at hindi mo nalaman ito hanggang sa natapos ang appointment mo sa pagpapabakuna

Kung masama ang pakiramdam mo o nag-aalala ka na maaaring mayroon kang Coronavirus, tawagan ang 111 o pumunta sa 111 website




Tiyaking sabihin sa 111 na kababakuna lang sa iyo laban sa Coronavirus



Kung sasabihin sa iyo ng NHS 111 na magpatingin sa doktor o nars, tiyaking sasabihin mo rin sa kanila ang tungkol sa iyong pagpapabakuna

Kung maaari, ipakita ang iyong card sa pagbabakuna




Yellow Card


Kung sa palagay mo ay nakakaranas ka ng malubhang epekto mula sa bakuna, maaari mong iulat ang mga ito gamit ang yellow card scheme

Ang Coronavirus yellow card system ay isang website kung saan maaari kang mag-ulat ng anumang mga epekto mula sa bakuna coronavirus-yellowcard.mhra.gov.uk

Maaaring kailanganin mo ng suporta upang ma-access ang website na ito



## Nagpabakuna ako laban sa trangkaso, kailangan ko rin ba ng bakuna laban sa Coronavirus?




Mahalagang magpabakuna laban sa trangkaso at magpabakuna laban sa Coronavirus




Dapat maghintay ka ng 1 linggo pagkatapos mong magpabakuna laban sa trangkaso (pagturok) bago ka magpabakuna laban sa Coronavirus



Tagalog_PHE_11843_Covid-19_Easy read A4 8pp_11-tgl.indd 7 26/03/2021 16:50:10

## Ano ang dapat kong gawin kung masama ang pakiramdam ko pagdating ng susunod kong appointment?



Kung masama ang pakiramdam mo, maghintay na gumaling ka bago ka magpabakuna



Dapat mong subukang magkaroon nito sa lalong madaling panahon. Maaari kang tumawag sa parehong numero na ginamit mo upang gawin ang iyong unang appointment.




Hindi ka dapat pumunta sa appointment sa pagbabakuna kung nagbubukod ka ng sarili (self-isolating), naghihintay para sa test sa Coronavirus o hindi sigurado kung maayos ang kondisyon mo at magaling ka


## Puwede ba akong makapagbigay ng Coronavirus sa sinuman, pagkatapos kong magpabakuna?



Hindi ka puwedeng mabigyan ng Coronavirus ng bakuna



Kapag nabakunahan ka, mas malamang na hindi ka magkasakit ng Coronavirus



Hindi pa namin alam kung mapipigilan ka nitong makakuha at maipasa ang virus

## Kailangan mo pa ring:



Lumayo sa ibang tao (social distancing)



Magsuot ng face mask



Maghugas ng iyong mga kamay nang mabuti at madalas

Pagbabakuna, natutulungang maprotektahan ang mga pinakamadaling magkasakit na tao.

© Crown copyright 2021. Product code COV2020344TGL Tagalog. 1p 5M ENE (APS) 2021. Public Health England Gateway number 2020683
Maaari kang humingi ng higit pa ng mga polyetong ito rito www.healthpublications.gov.uk

Tagalog_PHE_11843_Covid-19_Easy read A4 8pp_11-tgl.indd 8 26/03/2021 16:50:24